4

# Modelong Banghay Aralin sa GMRC

Kuwarter 3

Aralin 6

IMPLEMENTATION OF THE MATATAG K TO 10 CURRICULUM

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

**Modelong Banghay-Aralin sa GMRC 4**
**Kuwarter 3: Aralin 6 (Linggo 8)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Mga Tagabuo**

**Mga Manunulat:**
- Venicris M. Alonsozana (De La Salle University- Dasmarinas)

**Mga Tagasuri:**
- Liza T. Bacierra (Leyte Normal University)
- Voltaire M. Villanueva (Philippine Normal University- Manila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Center for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph.

**GMRC/ KUWARTER 3 / BAITANG 4**

| I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga Laro ng Lahi kasama ang kapuwa-bata. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang mga Laro ng Lahi kasama ang kapuwa-bata na nagtatampok sa kultura ng rehiyong kinabibilangan bilang tanda ng nasyonalismo. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Napasisidhi ang nasyonalismo sa pamamagitan ng pagpapalaganap ng mga Laro ng Lahi:**<br>1. Nakakikilala ng mga Laro ng Lahi kasama ang kapuwa-bata sa rehiyong kinabibilangan na nagpapakita ng kanilang kultura.<br>2. Naipaliliwanag na ang mga Laro ng Lahi kasama ang kapuwa-bata ay paraan upang maitampok muli ang kultura ng Lahing Pilipino.<br>3. Nakalalahok sa mga Laro ng Lahi kasama ang kapuwa-bata na nagtatampok sa kultura ng rehiyong kinabibilangan. |
| **D. Nilalaman** | Mga Laro ng Lahi ay nagpapasidhi sa pagmamahal sa bayan at kapuwa Pilipino |
| **E. Lilinanging Pagpapahalaga** | Nasyonalismo |
| **F. Integrasyon** | Larong milenyal ng mga kabataang Pilipino |

| II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO |
|---|
| Avila, R. (2021). Local wisdom in laro ng lahi as foundation in game-based pedagogy. *Jurnal Pendidikan Anak Usia Dini.* Vol. 12. No.2 November 2021. e-ISSN 2621-8321<br><br>Department of Education. (21 July, 2023). *DepEd to feature Larong Pinoy, Para-Games, weightlifting, other exhibition games in Palaro 2023 in Marikina.* Retrieved on December 25, 2023 from https://www.deped.gov.ph/2023/07/21/deped-to-feature-larong-pinoy-para-games-weightlifting-other-exhibition-games-in-palaro-2023-in-marikina/<br><br>Hubilla, M., Evangelista, R., Lorenzo, C., Manzano, A., and Nepomuceno, R. (12 March, 2024). Filipino games: traditional and modern. *Focus Group Discussion*: DLSU-Dasmarinas |

Prestoza, M.-J. R., Paludipan, C. P., & Abad, A. E. (2020). Perception of elementary school teachers on Laro Ng Lahi in Quirino, Isabela. *International Journal of Linguistics, Literature and Culture,* 6(3), 1-8. https://doi.org/10.21744/ijllc.v6n3.876

Sison, L. (nd). *Rediscovering the Joy: 15 Examples of Laro ng Lahi, Traditional Filipino Games.* Retrieved on December 26, 2023 from https://staycations.ph/rediscovering-the-joy-15-examples-of-laro-ng-lahi-traditional-filipino-games/

Tocmo, R., Rivas J., Fabregas, M., Jose, L., and Mallari, V., (12 March, 2024). Aspects of Filipino culture in games. *Focus Group Discussion*: DLSU-Dasmarinas

SuperHumanComputerFly4. (17 May, 2021) Laro ng Lahi: Patintero, Tumbang Preso, at Luksong Tinik (Lesson 9). https://www.coursehero.com/file/93538498/PED-028-LESSON-9-AND-10pptx/

Villanueva, V.M. (2018). #*ABKD: Ako bibo kase dapat: alpabeto ng inobatibo at makabagong guro ng Araling Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Filipino.* Makati: VMV Publishing House

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA sa GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br><br>**MAIKLING BALIK-ARAL**<br><br>*Ano ang iyong gagawin?*<br><br>Kapag pumasok ka sa isang malinis na silid-aralan ano ang iyong magiging pakiramdam?<br>________________________________________<br>________________________________________<br><br>Ano ang sinasabi ng iyong isip na gusto mong gawin sa loob ng isang malinis na silid aralan?<br>________________________________________<br>________________________________________ | Ang huling aralin noong nakaraang linggo ay: Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa pagpapanatili ng kalinisan sa kapaligiran katuwang ang kapuwa upang makaiwas sa mga sakit.<br><br>Itala ang mga sagot tulad ng maginhawa, kaaya-aya, masarap, at iba pa. Itala ang sagot hangga't may makapagsabi ng "masarap maglaro".<br><br>Sasabihin ng guro: "Tayo ay maglalaro para makaiwas sa mga sakit, at titingnan nating kung ang mga sagot ninyo sa unang tanong ay mapapanatili at mararanasan pa rin habang tayo'y naglalaro ng Laro ng Lahi. |

| | | |
|---|---|---|
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **PANGHIKAYAT NA GAWAIN**<br><br>*Ang Pagpapangkat-Pangkat (APP).* Daloy ng pagbubuo ng mga pangkat:<br>1. Hahatiin ang klase sa apat na pantay na bilang.<br>2. Magkasama ang lalaki at babae, ang buong klase ay bubuo ng isang linya mula sa pinakamaliit hanggang sa pinakamalaki.<br>3. Magbibilang ang bawat isa mula isa hanggang apat, pagkatapos ay uulitin muli hanggang ang lahat ay nakapagbilang. Tandaan ang sinabing bilang.<br>4. Magpasya kung ano ang magiging pangalan ng pangkat.<br>5. Bubuo ng sampung (10) segundong *cheer* na isisigaw o isasayaw ng bawat kasapi ng pangkat. Sa pagbuo ng *cheer*, maaaring gumamit ng simpleng *costume, props* o anomang gamit na makikita sa inyong lugar.<br><br>**PAGLINANG SA KAHALAGAHAN SA PAGKATUTO SA ARALIN**<br><br>*Personal na Pagsulat ng Damdamin 1.* Sagutin ang mga tanong nang buong katapatan.<br><br>Ano ang iyong unang naramdaman nang mapabilang ka sa pangkat?<br>________________________________________________________<br><br>Paano kayo nakapagpasyang magkaroon ng pangalan ang pangkat? Bakit ito ang pangalang pinili?<br>________________________________________________________<br><br>Paano kayo nakapagpasyang magkaroon ng *cheer* ang pangkat? Bakit itong mga gamit, *props*, o *costume* ang inyong ipinakita't ginamit?<br>________________________________________________________<br><br>**PAGHAWAN NG BOKABULARYO SA NILALAMAN NG ARALIN**<br><br>*Personal na Pagsulat ng Damdamin 2.* Sagutin ang mga tanong ng buong katapatan. Lagyan ng *tsek* kung "oo" o "hindi" ang iyong sagot. | Ang paggawa ng *cheer* ay magpapasidhi ng damdamin ng nasyonalismo dahil nag-uudyok ito ng pagtutulungan at pagkakaisa.<br><br>Gawin ang *cheer* na nagtatampok ng kultura ng rehiyong kinabibilangan.<br><br>Ang mga hindi makakasama dahil kulang sa bilang ay magiging tagapagpatupad ng panuntunan.<br><br>Ipakilala ang bawat miyembro ng pangkat at ipaliwanag ang napiling pangalan ng pangkat.<br><br>Sa paglinang sa kahalagahan sa pagkatuto ng aralin maipapakita na nakakikilala, naipaliliwanag at nakalalahok ang mga kapuwa-bata sa mga Laro ng Lahi.<br><br>Isulat muli ang mga katagang lumitaw mula sa natutuhan sa "Maikling Balik-Aral" tungkol |

| Mga Pakiramdam sa Pagpasok sa Isang Malinis na Silid-Aralan | Naramdaman Ko Rin ba ang Mga Ito Habang Ginagawa ang *Cheer*? | |
|---|---|---|
| | **OO** | **HINDI** |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

sa anong naramdaman. Gawin itong tsart.

Inaasahang sagot: masaya, payapa, masarap kumilos, nagpapasalamat, at iba pa. Ang mga ito rin ang dapat maging pakiramdan kapag may Laro ng Lahi.

**C. Paglinang at Pagpapalalim**

**IKALAWANG ARAW**

**UNANG PAKSA: Mga Larong Lahi at ang Kagandahan nito**

**PAGPROSESO NG PAG-UNAWA.**

Ang kulturang Pilipino ay nasasalamin sa mga tradisyunal na laro, o kung tawagin natin, "Laro ng Lahi." Suriin natin ang mga halimbawa ng makulay na mundo ng mga tradisyunal na larong Pilipino na nakaaaliw sa mga henerasyon at tuklasin ang kahalagahan na taglay nila sa ating kultural na pamana.

Maikling Sarbey: Lagyan ng tsek (√) kung alam mo ang sumusunod na mga Tradisyunal na Laro o Laro ng Lahi.

| Tradisyunal na Laro o Laro ng Lahi | Alam ko ang larong ito | |
|---|---|---|
| | OO | HINDI |
| Agawan Base | | |
| Agawang Sulok | | |

| | | |
|---|---|---|
| Araw-Lilim | | |
| Bahay-Bahayan | | |
| Bahay-Kubo | | |
| Bati-Cobra | | |
| Bulong-Pari | | |
| Jack-en-Poy | | |
| Langit-Lupa | | |
| Luksong Baka | | |
| Luksong Lubid | | |
| Patintero | | |
| Piko | | |
| Sipa | | |
| Tumbang Preso | | |
| Isulat ang iba pang laro ng lahi na alam mo:<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________ | | |

**PINATNUBAYANG PAGSASANAY.**

Tingnan ang worksheet para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral.

**Mga inaasahang sagot na iba pang Laro ng Lahi:**

Agawan ng panyo
Agawang sisiw
Chinese garter
Holen
Luksong tinik
Siyato
Sungka
*Tug-of-war*
Karera ng sako

**Tamang Sagot:**
1. h
2. g
3. j
4. m
5. i
6. l
7. k
8. d
9. e

| | | |
|---|---|---|
| | **PAGLALAPAT AT PAG-UUGNAY**.<br><br>**Paglalaro ng "Jack-en-Poy *with friends*"**<br>Daloy ng pagbubuo ng mga pangkat:<br>1. Pangkatin ang klase ng hindi bababa sa tatlong miyembro at hindi hihigit sa limang miyembro.<br>2. Lalaruin sa loob ng silid-aralan ang "Jack-en-Poy" ng may kasama o ka-pangkat.<br>3. Mag-uusap ang pangkat kung ano ang kanilang ipapakita nang sabay-sabay, kung papel, gunting o bato.<br>4. Magkatalikuran ang magkatunggaling pangkat at sa hudyat ng guro ay sabay-sabay silang maghaharapan at ipapakita din nang sabay-sabay ang kanilang pinili kung papel, gunting o bato.<br>5. Ang unang maka-limang panalo ay mananalo at haharapin ang mananalo sa mga susunod na tunggalian hangga't matira ang pangkat na walang talo at hihiranging kampeon.<br><br>*Personal na Pagsulat ng Damdamin 3.* Sagutin ang mga tanong nang buong katapatan.<br><br>Ano ang iyong unang naramdaman nang mapabilang ka sa pangkat?<br>_______________________________________________<br>______<br><br>Paano kayo nakapagpasya kung ano ang ipapakita ng pangkat?<br>_______________________________________________<br>______<br><br>Ano ang iyong naramdaman nang manalo / matalo ang pangkat?<br>_______________________________________________<br>______ | 10. a<br>11. c<br>12. f<br>13. n<br>14. b<br>15. o |

**IKATLONG ARAW**

**IKALAWANG PAKSA: Aspekto ng Kulturang Pilipino sa mga Larong Lahi**

**PAGPROSESO NG PAG-UNAWA**

Kapag naglaro ka ng sumusunod na Laro ng Lahi iyong natututuhan ang sumusunod na aspekto. Mag-isip at tumukoy ng iba pang aspekto.

| Aspekto ng Mga Halimbawa ng Laro ng Lahi | Mga Iba Pang Aspekto sa Kultura na Maaari Pang Matutuhan |
|---|---|
| Negosasyon ng mga tungkulin sa Bahay-Bahayan | |
| Koordinasyon na kinakailangan sa Patintero | |
| Pagiging tapat kapag naglalaro ng Bulong-Pari | |
| Pagpaplano ng susunod na hakbang sa Jack-en-Poy | |
| Pagtalon at pagsipa sa Sipa | |
| Pag-estratehiya sa Agawang Sulok | |
| Pagtakbo at pag-iwas sa Agawan Base | |
| Pagdiriwang ng tagumpay sa Luksong Baka | |
| Tanggapin ang pagiging taya nang may kagalakan sa Tumbang Preso | |

| | | |
|---|---|---|
| | **PINATNUBAYANG PAGSASANAY.**<br><br>Tingnan ang worksheet para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral.<br><br><br><br>**PAGLALAPAT AT PAG-UUGNAY**<br><br>**Panuto.** Paglalaro ng "Bulong-Pari"<br>Daloy ng pagbubuo ng mga pangkat:<br>● Nangangailangan ito ng dalawang pangkat na hindi bababa sa 5 manlalaro. Isang manlalarong hindi kabilang sa pangkat ang gaganap bilang Pari.<br>● Pipili ng Lider ang bawat grupo. Lalapit ang isang lider sa pari at ibubulong ang isang pangalan sa kabilang pangkat. Ang pari sisigaw "Lapit!" o "Lumapit!".<br>● Pagkasigaw ay isang manlalaro (kahit sino) sa pangkat na may binulungan na pangalan ay hahakbang sa harap.<br>● Kung sakaling ito ang manlalaro na tinukoy, sisigaw ang pari na "Bang!" at siya ay hindi na kasali. Kung hindi ay hindi sisigaw ang pari at maaari ng bumalik ang manlalaro sa pangkat.<br>● Gagawin ulit ito ng kabilang pangkat naman. Ang grupo na may kaunti o walang natitirang manlalaro ay magiging talunan.<br><br>*Personal na Pagsulat ng Damdamin 4.* Sagutin ang mga tanong ng buong katapatan.<br><br>Ano ang iyong naramdaman nang hindi ka na kasali sa pangkat?<br>____________________________________________________________<br>Ano ang iyong naramdaman nang manalo / matalo ang pangkat?<br>____________________________________________________________ | **Tamang Sagot:**<br>1. c<br>2. f<br>3. e<br>4. b<br>5. a<br>6. d<br><br>Ang "Bulong Pari" ay isang larong pabulong na karaniwang tinutukoy sa Bisaya bilang "Honghonganay".<br><br>Ang isa pang uri ng laro ng lahi na katulad ng Bulong-Pari ay tinatawag na "Singsingan". Sa Laro ng Lahi na ito, isang pari ang naghahanap ng nawawalang singsing. Ilalagay ng Lider ng pangkat ang "singsing" sa isa sa mga manlalaro. Iisipin ng Pari kung sino ang may hawak ng singsing. Sa pagkakataong mahanap niya ang tamang manlalaro, kukurutin ng pari ang tainga bilang isang disiplina. |

| | | |
|---|---|---|
| **D. Paglalahat** | **IKAAPAT NA ARAW**<br><br>**Pabaong Pagkatuto.** Paggawa ng Tula.<br>Gabay sa paggawa ng Tula at presentasyon nito:<br>• Gumawa ng tula na may dalawang saknong *(2 stanzas/lines)* lamang.<br>• Ang bawat linya ay dapat naglalaman ng walo o labingdalawang pantig *(8 or 12 syllables)* lamang.<br>• Dapat ilarawan ng tula ang alinman sa mga sumusunod:<br><br>Ano o halimbawa ng laro ng lahi,<br>Halaga ng kapuwa-bata sa laro ng lahi,<br>Pakiramdam habang naglalaro, o<br>Hamon sa paglalaro.<br><br>Aking Tula: ________________________________<br>________________________________<br>________________________________<br>________________________________<br>________________________________<br><br>● Isulat sa pisara ang lahat na nagawang tula.<br>● Pagsama-samahin ang lahat na ginawang tula ayon sa piniling gawin tungkol sa laro ng lahi: ano, mga halimbawa, halaga, pakiramdam, o hamon.<br>● Hatiin sa dalawang grupo ang buong klase at sabay-sabay babasahin ang lahat ng nagawang saknong sa pamamagitan ng "sagutang-basa".<br>● Babasahin ng unang grupo ang unang saknong, pagkatapos ay babasahin ng natitirang kalahati ng klase ang susunod na 2 saknong, pagkatapos ay balik uli sa unang grupo hangga't lahat ng saknong ay mabasa.<br>● Ang nagawang tula ay bibigyan ng marka ayon sa rubrik. | Ilahad ang konsepto ng "Balagtasan" na isang uri ng palakasan ng diwa gamit ang wika at tula. Isang larong pagtatanghal na kinagigiliwan ng mga Pilipino.<br><br>Mula sa Balagtasan na nilapatan ng makabagong tunog at kumpas sa pamamagitan ng pag-*rap* ng mga milenyal.<br><br>Ang paglapat ng konsepto sa pag-awit ay isa sa mga "yaman ng pamayanan" (kasunod na aralin sa Kuwarter 4) |

**Rubrik sa ginawang tula**

| Pamantayan | Napaka husay | Mahusay | Hindi Mahusay | Hindi ginawa | Kabuoang puntos |
|---|---|---|---|---|---|
| Diwa ng ginawang tula | 50% Napakahusay ng diwa ng tula | 30% Mahusay ang diwa ng tula | 10% Hindi mahusay ang diwa ng tula | 0% Walang diwa ang tula | |
| Pagsunod sa alituntunin ng paggawa | 50% Napakahusay ng pagsunod sa alituntunin | 30% Mahusay ang pagsunod sa alituntunin | 10% Hindi mahusay ang pagsunod sa alituntunin | 0% Hindi sumunod sa alituntunin | |
| | | | | **Kabuoang puntos** | |

**PAGNINILAY SA PAGKATUTO**
**Pag-*RAP* ng ginawang tula:**

- Gamit ang mga kamay, gagawa ng *beat* ang mga mag-aaral.
- Habang nakaupo, sabay ang kamay na tatapikin ang parehong tuhod ng dalawang beses, pagkatapos ay gagawa ng isang palakpak. Gawin ito ng paulit ulit.
- *Ira-rap* ng sunod sunod at sabay sabay ng lahat ng mag-aaral ang mga nagawang mga tula, kaalinsabay sa tunog ng *beat.*

<table>
<tr><th colspan="2">IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY</th><th>MGA TALA sa GURO</th></tr>
<tr><td>A. Pagtataya</td><td>PAGSUSULIT<br><br>Tama o Mali: Isulat ang “Tama” kung ang pangungusap ay tama. Isulat ang “Mali” kung ang pangungusap ay mali. Isulat ang sagot sa patlang.<br>_______1. Ang Laro ng Lahi lamang ang pinaka katangi-tangi at pinakamabisang nagpapagaan sa isang mabigat na araw at ang pinakamagandang paraan sa pagpapahinga ng ating isipan.<br>_______2. Ang Laro ng Lahi ay mga larong nilalaro ng mga bata lamang, kadalasang gumagamit ng mga katutubong materyales o instrumento.<br>_______3. Ang mga tradisyunal na laro ay maaaring bumuo ng mga pisikal na kakayahan habang sila ay naglalakad, tumatakbo, at tumatalon sa pagpapabuti ng kanilang mga istruktura ng buto at kalamnan na tumutulong sa pagpapahusay ng kanilang immune system.<br>_______4. Ilan sa mga halimbawa ng Laro ng Lahi ay ang Luksong Tinik, Tumbang Preso, Tagu-taguan, Langit Lupa, Patintero, Piko, Sipa, Palosebo, Pitik Bulag, Chinese Garter, Agawang Base, at Siyato.<br>_______5. Isa sa pinakamahalagang aspekto ng nasyonalismo, kultura at tradisyon ng bansa ay ang mga tradisyunal na laro o Laro ng Lahi.<br>_______6. Lumalabas ang kahalagahan ng Laro ng Lahi sa usapin ng kalusugan, kultura, panlipunang adhikain, at pagpapahalaga ng isang bata.<br>_______7. Nagbibigay-daan ang Laro ng Lahi na makaranas ng mas malusog na pamumuhay dahil nangangailangan ito ng pisikal na paggalaw na makapagpapanatili sa ating tamang kalusugan.<br>_______8. Patok na patok ang Laro ng Lahi sa mga bata dahil ito ang mga laro o sports na karaniwan nilang nilalaro ng gumagamit ng makabagong teknolohiya.<br>_______9. Sa Laro ng Lahi, hindi maaring lumikha ng sariling aktibong recreational game.<br>_______10. Sa pamamagitan ng paglalaro ng Laro ng Lahi mapapaunlad nito ang mga motor skills, koordinasiyon ng katawan, ehersisyo lokomotor, ilapat ang mga aktibidad na may kaugnayan sa kasanayan, at mapahusay ang kapasidad ng pag-iisip.</td><td>Mga tamang Sagot:<br><br>1. Mali<br><br>2. Mali<br><br>3. Tama<br><br>4. Tama<br><br>5. Tama<br><br>6. Tama<br><br>7. Tama<br><br>8. Mali<br><br>9. Mali<br><br>10. Tama</td></tr>
</table>

**GAWAING PANG-SILID ARALAN/TAKDANG-ARALIN:**

Maglaro ng Laro ng Lahi sa loob o labas ng silid aralan. Bibigyan ng guro ng marka ang lahat ng mag-aaral sa pamamagitan ng nakapaloob na rubrik.

**Rubrik:**

| Pamantayan | Napaka husay | Mahusay | Hindi Mahusay | Hindi ginawa | Kabuoang puntos |
|---|---|---|---|---|---|
| Pagpaplano ng Estratehiya | 50% Napakahusay ng pagpaplano | 30% Mahusay ng pagpaplano | 10% Hindi mahusay ng pagpaplano | 0% Walang Pagpaplano | |
| Pagtutulungan ng bawat isa | 50% Napakahusay ng pagtutulungan | 30% Mahusay ng pagtutulungan | 10% Hindi mahusay ng pagtutulungan | 0% Walang pagtutulungan | |
| | | | | **Kabuoang puntos** | |

LUKSONG LUBID
Misyon ng Laro ng Lahi:
Paramihan ng makakapasok at patagalan sa loob ng lubid na umiikot habang ito ay hawak sa magkabilang dulo ng dalawang pinakamatangkad sa klase.

Daloy ng aktibidad:
- Ang kagamitang kailangan ay isang mahabang lubid.
- Ang isang pangkat ay binubuo ng limang manlalaro at isang *coach*.
- Ang mga hindi kasali ay kakanta ng Leron Leron Sinta ng paulit-ulit
- Isa-isa papasok sa umiikot na lubid ang mga manlalaro ng hindi dumadampi ang lubid sa anomang parte ng katawan.
- Kung lahat ng limang manlalaro ay nakapasok patagalan naman sila sa pagtalon habang ang lubid ay umiikot.

Makikisuyo ang guro sa mga katabing silid-aralan na mayroon gagawing pagsusulit sa pamamagitan ng aktibidad.

Mamili ang guro kung alin sa dalawang Laro ng Lahi ng ipapalaro, kung sa loob o labas ng silid aralan:

Maglaro ng "Luksong Lubid" sa loob ng silid aralan.

Maglaro ng "Patintero" sa labas ng silid aralan.

Maaaring baguhin ang panuto ng Laro ng Lahi base sa pangkalahatang desisyon ayon sa mga lokal na laro sa kanilang lugar upang mapatatag ang sariling kultura at pambansang nasyonalismo.

Bilang Takdang Aralin, maaring gawin ang laro sa kanilang pamayanan.

<table>
<tr>
<td></td>
<td colspan="3">PATINTERO<br>Misyon ng Laro ng Lahi:<br>Subukang tumawid sa linya hanggang dulo at pabalik nang hindi mahahawakan o mahuhuli.<br><br>Daloy ng aktibidad:<ul><li>Ang kagamitang kailangan ay chalk, scoreboard, pito, stop watch</li><li>Ang isang pangkat ay binubuo ng limang manlalaro at isang coach.</li><li>Ang opisyal ng laro ay ang scorer, timekeeper (5 minuto lamang), at 5 linesman.</li><li>Ang isang koponan ay dapat makaipon ng maraming puntos sa pamamagitan ng pagtawid sa mga linya nang hindi nata-tag.</li><li>Ang isang pangkat na nakapuwesto sa linya ay tinatawag na line guard habang ang isang pangkat na tatawid hanggang dulo at pabalik ay tinatawag na passer.</li></ul></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td>
<td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi</td>
<td>Epektibong Pamamaraan</td>
<td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td>
<td rowspan="5"></td>
</tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr>
<td>C. Pagninilay</td>
<td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<ul><li><u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?</li><li><u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?</li><li><u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari ko pang gawin sa susunod?</li></ul></td>
<td></td>
</tr>
</table>